

Kumuha ng tulong sa Homeowner Assistance Fund

1) ANO ANG HOMEOWNER ASSISTANCE FUND (HAF)?

Ang Homeowner Assistance Fund (HAF) ay isang pederal na programang tulong na tumutulong sa mga may-ari ng bahay na naapektuhan sa pananalapi ng COVID-19 na magbayad ng kanilang bayarin o mortgage o iba pang mga gastusin sa mga bahay.

Ang HAF na programa na magagamit mo ay depende sa iyong lugar. Ang bawat estado o teritoryo ay bumuo ng sarili nitong programa. Ang mga programa ay binuo din ng Tribo (o ng kanilang Tribally Designated Housing Entity), ng Department of Hawaiian Home Lands, at ng District of Columbia.

2) KARAPT-DAPAT BA AKO?

Upang maging karapat-dapat, kailangan mong:

- Nakaranas ng kahirapan sa pananalapi na nauugnay sa COVID-19 na pandemya.
- Mag-apply para sa tulong para sa iyong pangunahing tirahan.
- Magkaroon ng kita ng sambahayan sa o mas mababa sa mga kinakailangan sa programa ng iyong lugar. Karamihan sa mga programa ay naglilimita sa pagiging karapat-dapat sa mga sambahayan na may mas mababa sa 150% ng medyan na kita sa lugar o \$79,900, alinman ang mas mataas. Ang ilang mga programa ay nagtatag ng mas mababang mga limitasyon, kaya, suriin ang mga kinakailangan sa kita ng iyong programa bago mag-apply (sa wikang Ingles).
- Maaaring kailangan mo ring matugunan ang mga karagdagang kinakailangan sa partikular sa programa kung saan ka nag-a-apply.

3) PAANO AKO MAG-AAPLY?

Dalawin ang www.consumerfinance.gov/haf/ sa suriin ang iyong lokal na programa. Ang mga proseso ng aplikasyon ay maaaring mag-iba ayon sa lokasyon. Kakailanganin mong i-verify na natutugunan mo ang mga kinakailangan sa kita at maaaring kailanganin mong magbigay ng karagdagang kinakailangang dokumentasyon.

4) MGA KATANUNGAN?

Para sa anumang iba pang mga katanungan, dalawin ang www.consumerfinance.gov/haf/ or makipa-ugnayan sa isang ahensya ng pagpapayo sa pabahay na inaprubahan ng HUD (sa wikang Ingles) sa www.consumerfinance.gov/find-a-housing-counselor o (800) 569-4287. Matutulungan ka nilang gabayan sa proseso ng aplikasyon.